**County ng Santa Clara**
**Departamento ng Kapaligirang Kalusugan**
**Dibisyon ng Proteksyon ng Konsumidor** 1555 Berger Drive, Suite 300 San Jose, CA 95112-2716
(408)918-3400 FAX (408)258-5891
www.EHinfo.org/CPD

# Mga Pamamaraan ng Pagbawas ng Panganib ng COVID-19 para sa Mga Pasilidad ng Pagkain

## Nai-update Abril 6, 2020

**Background**

Ang COVID-19 ay isang sakit sa paghinga na sanhi ng isang bagong coronavirus. Pangunahing kumakalat ito sa hangin sa pamamagitan ng mga maliliit na patak ng paghinga mula sa isang nahawaang tao o sa paghawak ng mga kontaminadong bagay. Kasama sa mga sintomas ang lagnat, ubo, at hirap sa paghinga. Ang COVID-19 ay kumakalat ng mabilis at pataas ang bilang sa komunidad ng Santa Clara County, mga kalapit na lugar, at sa buong county.

**Ligal na Kautusan**

Noong Marso 31, 2020, nagpalabas ng bagong mandatoryang ligal na kautusan ("Kautusan") ang Opisyal ng Kalusugan ng Santa Clara County, na nagpalawak ng mga kinakailangan sa pagpanatili sa bahay hanggang 11:59 pm sa Mayo 3, 2020. Inuutusan ng Kautusan ang lahat ng mga indibidwal na naninirahan sa County upang magpatuloy sa pagpanatili sa bahay maliban na gawin ang mga mahahalagang gawain o aktibidad o matugunan ang mga mahahalagang pangangailangan. Pinapahigpit ng Kautusan ang mga paghihigpit sa mga negosyo at iba pang mga aktibidad na tinukoy sa kautusan na manatili sa bahay ng County noong Marso 16, 2020.

Upang matiyak ang suplay sa pagkain, personal na mga produkto sa kalinisan, at mga mahahalagang produkto ng mamimili, pinapayagan ng Kautusan ang patuloy na pagpapatakbo ng:

- Ang mga tindahan ng groserya, sertipikadong merkado ng mga magsasaka, sakahan at tindahan ng gulay, supermarket, mga bangko ng pagkain, mga convenience store, at mga katulad na mga establisimiyento ng tingi na nagbebenta ng mga mahahalagang pagkain pati na rin ang ilang mga produktong kalinisan at/o mga produkto ng mamimili para sa sambahayan.
- Ang mga restawran at iba pang mga establisimiyento na naghahanda at nagsisilbi ng pagkain sa publiko ngunit para *lamang* sa isang paghahatid o sa take-out. Ipinagbabawal na kainin ang pagkain sa lugar.
- Ang mga operasyong kawanggawang pagpapakain ngunit para lamang sa isang paghahatid o take-away. Ipinagbabawal na kainin ang pagkain sa lugar.

Upang matugunan ang mga pangangailangan sa nutrisyon ng publiko, hinihikayat ang mga pasilidad ng pagkain na magpatuloy sa pagpapatakbo batay sa mga sumusunod na paghihigpit at rekomendasyon.

Kumonsulta sa Kautusan at bumisita sa website ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng Santa Clara County para sa mga sagot sa Mga Madalas na Katanungan at mga bagong dokumento ng gabay sa: https://www.sccgov.org/sites/phd/DiseaseInformation/novel-coronavirus/Pages/public-health-orders.aspx

**Protokol sa Pagdistansya sa Ibang Tao**

Upang magpatuloy sa pagpapatakbo, lahat ng mga mahahalagang negosyo ay dapat magkumpleto at magpatupad ng isang Protokol sa Pagdistansya sa Ibang Tao para sa kanilang bawat pasilidad sa County na madalas na puntahan ng publiko o mga empleyado. Ang protokol ay dapat batay sa form na ibinigay sa Apendiks A ng Kautusan: https://www.sccgov.org/sites/deh/Documents/Social-Distancing-Protocol.pdf. Magpaskil ng isang kopya sa o malapit sa bawat pampublikong pasukan ng inyong pasilidad at magbigay ng isang kopya sa lahat ng mga empleyado.

Magagamit ang Apendiks A sa Ingles, Intsik, Espanyol, Vietnamese, at Tagalog. Dapat ipakita ito sa Ingles at anumang iba pang wika na ginagamit ng makabuluhang bahagi ng inyong mga empleyado at/o mamimili.

Dapat ipaliwanag ng Protokol kung paano magagawa ng inyong negosyo ang tiyak na pamamaraan ng pagpadistansya sa ibang tao, kalusugan ng empleyado at mamimili, at kalinisan at sanitasyon. Ito at iba pang mga pamamaraan na naaangkop sa mga pasilidad ng pagkain ay nakasulat sa ibaba.

**Palatandaan sa Publiko**

Magpaskil ng palatandaan sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad upang ipaalam sa lahat ng mga empleyado at mamimili na:

- Iwasan ang pagpasok sa pasilidad kung mayroon silang ubo o lagnat
- Panatilihin ang isang hindi bababa sa anim na talampakan mula sa isa't isa
- Bumahing at umubo sa isang tela o tisyu o, kung walang magagamit, sa isang siko, at
- Iwasan ang pakikipag-kamay o makisali sa anumang hindi kinakailangang pisikal na pakikipag-ugnay

**Wastong Pagdistansya sa Ibang Tao**

Tiyakin na ang mga mamimili ay magpanatili ng tamang pagdistansya sa ibang tao (hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng isa't isa) sa lahat ng oras, kasama na kapag nakapila ng:

- Limitahan ang bilang ng mga tao na maaaring pumasok sa inyong pasilidad sa anumang oras upang matiyak na madaling mapanatili ng mga tao ang pagdistansya sa ibang tao sa lahat ng oras.
- Maglagay ng tape o iba pang mga marka sa sahig kung saan bumubuo ng mga pila para makita ng mga mamimili kung saan tatayo upang mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakang pagdistansya sa ibang tao.

| | |
|---|---|
| | • Paghiwalayin ang mga lugar ng pag-order mula sa mga lugar ng paghahatid upang maiwasan ang pagtitipon ng mga mamimili. |
| **Pag-iwas – Paghugas ng kamay** | Maglagay ng sapat na sabon at tubig, disimpektante ng mga kamay (60% na alkohol o mas mataas), at/o disimpektante sa o malapit sa pasukan ng pasilidad at sa iba pang naaangkop na lokasyon na ginagamit ng publiko at mga empleyado, pati na rin sa mga lokasyon kung saan madalas na nakikipag-ugnayan ang mga empleyado at publiko (tulad sa kahera).<br><br>Ang mga empleyado ay dapat **<u>maghugas na madalas ng kanilang mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo</u>**.<br><br>Ang mga kamay ng mga empleyado ay dapat hugasan:<br>• Pagpasok sa kusina<br>• Bago magsimula ang paghahanda ng pagkain<br>• Pagkatapos na hawakan ang kanilang mukha, buhok, o iba pang parte ng katawan<br>• Pagkatapos gumamit ng banyo<br>• Pagkatapos ng pag-ubo, pagbahing, paggamit ng isang tisyu, paninigarilyo, pagkain, o pag-inom<br>• Pag humawak sa hilaw na pagkain pagkatapos sa handa-ng-kaining pagkain<br>• Pagkatapos maglinis, magligpit ng mga lamesa, o humawak ng anumang mga nagamit ng mga mamimili<br>• Bago magsuot ng mga guwantes<br>    o Ang impormasyon tungkol sa paggamit ng guwantes ay maaaring matagpuan sa link na ito:https://direc.to/dw39<br>• Sa pagitan ng paghawak ng pagkain at paghawak ng pera, credit card, telepono, pen o iba pang mga gamit na madalas hinahawakan<br>• Pagkatapos makisali sa iba pang mga aktibidad na maaaring mahawaan ang mga kamay<br><br>***Mga Tip!***<br><br>*Iwasan ang paghawak sa nakahanda ng pagkain gamit ang mga kamay*<br><br>*Magtalaga ng isang empleyado na panatilihin na may sabon at tuwalyang papel sa mga istasyon ng hugasan ng kamay sa bawat oras*<br><br>*Protektahan ang pagkain at inumin mula sa kontaminasyon kapag naghahanda at nag-iimpake para sa paghahatid at pagdadala ng mga mamimili*<br><br>*Iwasan ang paghawak ng inyong mga mata, ilong, at bibig*<br><br>*Limitahan ang paghawak ng telepono o iba pang mga personal na gamit*<br><br>*Ang lahat ng kawani ay dapat maghugas ng mga kamay nang mas madalas kaysa sa normal*<br><br>*Maglagay ng dagdag na mga lata ng basura malapit sa paglabas ng mga banyo* |

***<u>Magbigay ng regular na pagsasanay sa kawani upang matiyak na sinusundan ang mga wastong protokol!</u>***

| | |
|---|---|
| **Pag-iwas - Pagdidisimpekta ng Kagamitan at Pasilidad** | Regular na disimpektahin ang lahat ng mga madalas na ginagamit na ibabaw na nakalantad sa mga mamimili o empleyado na regular sa buong araw.<br><br>Ang mga disimpektante na nakabatay sa chlorine (bleach) sa 100 ppm o mga disimpektante na nakabatay sa quaternary ammonium sa 200 ppm ay mabisang disimpektante. Gumamit ng mga test strip upang matiyak kung ang disimpektante ay nasa mga kinakailangang konsentrasyon. Palitan ang disimpektante kung ang solusyon ay nagiging malabo o marumi o hindi nakakatugon sa kinakailangang konsentrasyon.<br><br>Bawasan ang pisikal na pakikipag-ugnay sa pamamagitan ng mga sistemang pagbabayad na walang-kontak. Kung hindi ito magagawa, disimpektahin ang lahat ng mga portal ng pagbabayad, pen, at stylus *pagkatapos ng bawat paggamit*.<br><br>***Mga Tip!***<br><br>➲ *Maaaring tumagal ang COVID-19 ng ilang araw sa mga ibabaw. Maglagay ng mga itinalagang kawani na patuloy na linisin at i-sanitize ang lahat ng mga lugar na madalas hawakan. Bilang karagdagan sa mga sistema ng pagbabayad ng mamimili, kabilang ang:*<br>• *Mga hawakan ng pinto, mga hawakan ng gripo, at mga panghila sa kabinet/drawer*<br>• *Mga rehistro ng kuwarta*<br>• *Mga shopping cart at shopping basket* |
| **Iwasan ang hindi kinakailangang pakikipag-ugnay** | Ipatupad ang mga pamamaraan upang maiwasan ang hindi kinakailangang pisikal na pakikipag-ugnay:<br>• Huwag pahintulutan ang mag-serbisyo sa sarili ang mga mamimili, kabilang ang mula sa mga lalagyan ng pagkain na bulk-item at mga bar ng pagkain. Ang mga empleyado ang dapat magbigay sa mga mamimili ng lahat ng inumin at hindi naka-impake na pagkain<br>• Hayaan ang mga empleyado na sila ang maglagay ng mga karagdagang produkto (tulad ng gatas sa kape), sa halip na pahintulutan ang mga mamimili na sila ang gumawa<br>• Ipagbawal ang pagtikim ng produkto<br>• Huwag pahintulutan ang mga mamimili na magdala ng kanilang sariling mga bag, tasa, lalagyan ng pagkain, o iba pang magagamit na mula sa bahay<br>• Ang mga kawani ay dapat magbigay ng mga takip para sa mga tasa, |

pampalasa, kagamitan, at mga napkin sa mga mamimili kapag hiniling

- Huwag makipagkamay

***Mga Tip!***

➲ *Maaari kang pumili upang mag-alok ng particular na mga oras ng tindahan na magagamit para lamang sa mga mamimili na may mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa COVID-19 upang mabawasan ang kanilang panganib sa pagkahawa. Kasama sa mga taong may mataas na panganib para sa malalang sakit ay ang mga taong **50** o mas matanda, ang mga taong may nararamdamang mga kalagayan sa kalusugan o mahina ang resistensiya ng katawan, at mga taong buntis.*

➲ *Hilingin sa inyong mga empleyado na magsuot ng mga takip ng mukha sa lahat ng kanilang oras ng pagtatrabaho*. Ang mga takip ng mukha *ay hindi dapat* surgical o medikal na masks, dahil kapos ang suplay sa mga ito at matinding kailangan ito ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan. Sa halip, dapat gamitin ang mga takip ng mukha tulad ng bandana, bupanda, o mga takip na tinahing tela sa bahay. *Tandaan na ang pagsusuot ng telang takip ng mukha ay hindi nag-aalis ng pangangailangan na sundin ang mga pamamaraan sa pagdistansya sa ibang tao at kalinisan, kasama ang pag-iwas na pisikal mula sa iba at madalas na paghuhugas ng inyong mga kamay.*

**Kalusugan ng Empleyado**

Ang mga mahahalagang negosyo ay dapat subaybayan ang kalusugan ng empleyado.

- Subaybayan ang inyong mga empleyado sa simula ng bawat shift para sa mga sintomas ng sakit.
  - Tanungin kung nakakaranas sila ng anuman sa sumusunod: lagnat, pagkapagod, pag-ubo, sakit ng kalamnan o katawan, hirap ng paghinga, pagsusuka, pagtatae, panginginig, pagpawis sa gabi, namamagang lalamunan, sakit ng ulo, pagkalito, o pagkawala ng panlasa o amoy.
  - Kung ang isang empleyado ay nagpapakita ng alinman sa mga sintomas na ito, pauwiin sila sa bahay at ituro sa kanila na sundin ang mga tagubilin sa webpage ng County ng COVID-19 Alamin Kung Ano ang Gawin - Kung Sa Tingin Ninyo Na May Sakit Kayo: https://www.sccgov.org/sites/phd/DiseaseInformation/novel-coronavirus/Pages/learn-what-to-do.aspx#sick Ang mga empleyado na nakatira kasama sa isang taong may positibong test ay dapat din sundin ang naaangkop na mga tagubilin sa webpage na ito.
- Kung ang isang empleyado ay nag-test ng positibo sa COVID-19 at nagtatrabaho habang nagpapakita ng mga sintomas, ang mga sumusunod na pamamaraan ay dapat gawin:
  - Agad na itigil ang operasyon, isarado ang pasilidad, at lubusan itong disimpektahin.

    Ang mga tagubilin para sa pagdidisimpekta ng inyong pasilidad ay maaaring matagpuan sa link na ito:

https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/cleaning-disinfection.html. Maaaring magbukas muli ang inyong pasilidad pagkatapos itong nadisimpekta.

  - Turuan ang empleyado na sundin ang mga tagubilin sa webpage ng County ang COVID-19 Alamin Kung Ano ang Dapat Gawin - Kung Sa Tingin Ninyo na May Sakit Kayo. Ang impormasyon ay maaaring matagpuan sa link na ibinigay sa itaas.
  - Ipagbigay-alam sa iba pang mga empleyado na maaaring nalantad sila sa COVID-19 at anong (mga) araw kung kailan naganap ang potensyal na pagkakalantad. Kung susundin ang hakbang na ito, dapat ding turuan ang inyong mga empleyado na obserbahan ang kanilang sarili para sa anumang mga sintomas ng COVID-19 (lagnat, pag-ubo, at/o hirap sa paghinga) sa loob ng 14 na araw.
- Kung mayroon kayong mga empleyado na may mataas na panganib para sa malubhang sakit mula sa COVID-19, isaalang-alang ang pansamantalang italaga sila sa mga trabaho na walang pagkontak sa publiko.
- Hinihikayat na magpatupad ng sick pay policy upang magbigay ng kabayaran sa mga empleyado na dapat manatili sa bahay dahil sa COVID-19 o mag-kuwarentina. Ang mga pamamaraang ito ay magpapabawas ng pagkakataon na ang mga empleyado na kailangang magtrabaho upang suportahan ang kanilang mga pamilya ay magtatangkang bumalik sa trabaho nang mas maaga kaysa sa nauukol na kuwarentina o pagbukod sa sarili.

**Karagdagang Impormasyon**

Ang impormasyon at mga kahilingan na may kaugnayan sa COVID-19 ay maaaring magbago dahil marami ang natutunan tungkol sa virus na ito at ang pagkakalat nito. Ang mga bagong ligal na kautusan pati na rin ang mga sagot sa Mga Madalas na Katanungan, mga report ng katayuan, at iba pang kapaki-pakinabang na impormasyon ay matatagpuan sa website ng Pampublikong Kalusugan ng Santa Clara County: http://sccphd.org/coronavirus

Mangyaring magpadala ng mga tiyak na katanungan na may kaugnayan sa operasyon ng serbisyo sa pagkain sa dehweb@cep.sccgov.org. Para sa karagdagang pag-update, subaybayan kami sa Facebook sa @cepascc at @sccpublichealth.

Iba pang mga Mapagkukunan:

- Kung ang inyong operasyon ay naghahatid ng pagkain, sundin ang Mga Gabay ng Departamento ng Kapaligirang Kalusugan ng Santa Clara County ng Kaligtasan sa Pagkain sa Paninda/Paghahatid bilang karagdagan sa mga pamamaraan sa dokumentong ito, magagamit sa: https://direc.to/dw3y
- Para sa impormasyon tungkol sa COVID-19 mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California bumisita sa: www.cdph.ca.gov/covid19

- Para sa impormasyon tungkol sa COVID-19 mula sa CDC bumisita sa: www.cdc.gov/covid19